Mga Madalas Itanong (FAQ)

# Tigdas

## 1. Ano ang Tigdas?

Ang tigdas ay isa sa mga pinaka-nakakahawang sakit na dulot ng isang virus na umiikot sa hangin. Ang virus na ito ay naninirahan sa ilong at lalamunan ng isang taong may impeksyon at maaaring mabilis na kumalat sa ibang bahagi ng katawan, na nakakaapekto sa baga, utak, at iba pang mga lamang loob (organs).

## 2. Paano kumakalat ang Tigdas?

Madaling kumalat ang virus sa pamamagitan ng hangin kapag ang isang maysakit ay humihinga, nagsasalita, umuubo, o bumabahin. Ang virus ay maaaring manatili sa hangin at sa ibabaw ng maraming oras, kahit na makaalis na ang may impeksyong tao. Maaari kang mahawa ng pagiging nasa sa isang silid ng may sakit na tao, o sa pamamagitan ng paghawak sa iyong mga mata, ilong, o bibig pagkatapos hawakan ang isang bagay na kanilang hinawakan.

Siyam sa 10 katao na hindi pa nakakatanggap ng bakuna sa tigdas ang magkakaroon ng tigdas kung sila ay magkaroon ng kontak sa virus. Ang taong may tigdas ay maaaring maikalat sa iba kahit na bago pa man sila magkaroon ng anumang mga sintomas.

## 3. Ano ang mga sintomas ng Tigdas?

Ang mga karaniwang sintomas ng tigdas ay kinabibilangan ng:

- Mataas na Lagnat (higit sa 101 °F)
- Ubo
- Sipon
- Namumulang naluluhang mga mata
- Pantal na nagsisimula sa mukha at kumakalat sa ibang bahagi ng katawan

## 4. Ano ang mga komplikasyon ng Tigdas?

Ang tigdas ay maaaring magdulot ng impeksyon sa tainga, pagtatae, pulmonya, encephalitis (pamamaga sa palibot ng utak), at maging kamatayan. Ang mga batang mas bata pa sa 5 taong gulang, mga buntis, at mga taong may mahinang sistema ng imyunidad, ay mas malamang na magkaroon ng malubhang komplikasyon dahil sa tigdas.

## 5. Paano ginagamot ang Tigdas?

Walang lunas sa tigdas. Ang paggamot ay nakatuon sa pagpapaginhawa ng mga sintomas at pagkontrol ng malubhang komplikasyon sa kalusugan na maaaring mangyari.



### Mga Pangunahing Punto:

- Ang tigdas ay isang virus na naninirahan sa ilong at lalamunan.
- Kumakalat ang tigdas sa pamamagitan ng hangin kapag umubo o bumahin ang taong may impeksyon.
- Ang pagbabakuna ang pinakamabuting paraan upang mapigilan ang pagkakaroon at pagkalat ng tigdas.
- Ang Pampublikong Kalusugan ay gumagawa ng mga hakbang upang mapigilan ang pagkalat ng tigdas sa Los Angeles County.

### Para sa mas marami pang impormasyon:

**Tigdas**
www.cdc.gov/measles/index.html

**Mga Iskedyul ng Pagbabakuna, Centers for Disease Control and Prevention**
www.cdc.gov/vaccines/schedules/

**Mga Kinakailangan sa Bakuna para sa Pagpasok sa Paaralan?**
www.shotsforschool.org/

### 6. Ano ang pwede mong gawin para mapigilan ang Tigdas?

Ang pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan upang hindi magkaroon at maikalat ang tigdas. Ang bakuna laban sa tigdas-beke-rubella [measles-mumps-rubella (MMR)] ay napakaligtas at higit sa 95% epektibo sa pagpigil sa sakit. Dapat makuha ng mga tao ang bakuna sa MMR kung hindi pa sila nabakunahan, o hindi nila alam kung nakuha na nila ang bakuna sa MMR dati. Ang mga bata ay dapat mabakunahan sa edad na 12-15 buwan, at muli sa edad na 4-6.

### 7. Saan ka pwedeng pumunta para magpabakuna?

Tumawag sa iyong doktor upang makakuha ng bakuna sa MMR, na maaaring sakop ng iyong seguro. Kung wala kang seguro, maaari ka pa ring magpabakuna sa isang botika o sa isang klinika na nag aalok ng wala o murang gastos, sa pagbabakuna. Bisitahin ang publichealth.lacounty.gov/ip/clinics.htm o tumawag sa 2-1-1 para sa listahan ng mga klinika ng bakuna na mababa o walang gastos.

### 8. Ano ang dapat mong gawin kung sa tingin mo ay maaaring mayroon kang Tigdas?

Kung sa tingin mo na ikaw, o isang tao sa iyong pamilya, ay nalantad o may tigdas, makipag-ugnayan kaagad sa opisina ng iyong ng doktor. Sabihin mo sa kanila na baka may tigdas ka bago ka pumunta, para makagawa sila ng mga hakbang para hindi malantad ang ibang pasyente at kawani.

### 9. Bakit ba mas marami ang kaso ng Tigdas ang napapabalita kamakailan?

Karamihan sa mga tao sa Amerika (U.S.) ay protektado laban sa tigdas sa pamamagitan ng pagbabakuna. Maaaring mas marami pang kaso ng tigdas tigdas ang nakikita sa Amerika kaysa dati dahil mas maraming tao ang naglalakbay ngayon, at maaaring naglakbay sa o mula sa mga lugar kung saan mas karaniwan ang tigdas. Ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang iyong sarili mula sa pagkakaroon ng tigdas kapag naglalakbay ay magbakuna muna bago maglakbay.

### 10. Ano ang ginagawa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para mapigilan ang Tigdas?

Ang Kagawaran ng Pampuplikong Kalusugan ng LA County ay nagtatrabaho upang mahinto na magkaroon ang mga tao at maikalat ang sakit sa pamamagitan ng:

- Pag-iimbestiga sa lahat ng kaso ng tigdas sa county upang magbigay ng pamamahala ng kaso at matukoy kung sino ang nalantad sa taong may impeksyon.
- Pagtukoy, pagsuri sa katayuan ng imyunidad sa sakit, at pagsubaybay sa mga sintomas sa mga taong maaaring nagkaroon ng kontak sa isang taong may sakit ng tigdas upang mapigilan ang karagdagang pagkalat ng sakit.
- Pagtuturo sa mga nagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan hinggil sa mga sintomas, dayagnosis, at pa-uulat ng tigdas.
- Paggawa ng mga hakbang sa kaligtasan, tulad ng pagkakaloob ng bakuna ng MMR at/o paghihigpit sa paglahok sa paaralan o trabaho, para sa mga taong hindi pa nabakunahan na maaaring nalantad sa tigdas.

## Gusto mo pang malaman ang mas marami pa tungkol sa mga pagsiklab at mga kaso?

**Para sa impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang kaso, bisitahin ang:**



**Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit**

**(Centers for Disease Control and Prevention)**
www.cdc.gov/measles/cases-outbreaks.html

**Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**
www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/measles.aspx

**World Health Organization**
www.who.int/data/gho/data/indicators/indicator-details/GHO/measles---number-of-reported-cases